Republic of the Philippines
**Department of Education**

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

SEP 30 2008

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 450, s. 2008

PAGBABAGO AT KARAGDAGANG IMPORMASYON
SA MEMORANDUM PANGKAGAWARAN BILANG 401, S. 2008
(Pambansang Balagtasan sa Filipino)

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pangulo/Pinuno ng mga Paaralang Pampubliko at Pribado

1. Ang mga sumusunod ay mga pagbabago at karagdagang impormasyon sa kalakip ng Memorandum Pangkagawaran Bilang 401, s. 2008 (sa proseso at implementasyon):

**C. Pagdaraos ng Rehiyonal na Balagtasan**

5. Magdeklara ng una, ikalawa at ikatlong gantimpala sa paligsahan. Ang magkakamit ng unang gantimpala ang sasali sa Balagtasan ng Magkakasamang Rehiyon (Regional Cluster)

**D. Pagdaraos ng Magkakasamang Rehiyon (Regional Cluster) na Balagtasan**

2. Idaraos ang Magkakasamang Rehiyon ng Balagtasan sa mga sumusunod:

| Klaster | Rehiyon | Petsa | Lugar |
|---|---|---|---|
| Northern Luzon | I, II, III, CAR at NCR | Nobyembre 28, 2008 (8:00-12:00 n.u.) | National Training Center, BSU Compound, Benguet |
| Southern Luzon | IV-A, IV-B, at V | Nobyembre 28, 2008 (1:00-4:00 n.h.) | |
| Visayas | VI, VII, at VIII | Nobyembre 21, 2008 (1:00-4:00 n.h.) | ECOTECH Center, Cebu City |
| Mindanao | IX, X, XI, XII, CARAGA at ARMM | Nobyembre 21, 2008 (8:00-12:00 n.u.) | |

3. Ang host na rehiyon ang mamamahala sa buong paligsahan sa Magkakasamang Rehiyon sa Balagtasan;
4. Ang UP at Kawanihan ng Edukasyong Sekondari ang kukuha ng mga hurado para sa paligsahan;

5. Magdedeklara ng una, ikalawa, at ikatlong gantimpala sa bawat cluster ng paligsahan. Ang magkakamit ng unang gantimpala ay tatanggap ng Limang Libong Piso (PhP5,000.00) na ipagkakaloob ng UP. Ang nagtamo ng unang gantimpala lamang ang lalahok sa Pambansang Balagtasan.

**E. Pagdaraos ng Pambansang Balagtasan**

5. Magdedeklara ng una, ikalawa, ikatlo at ikaapat na gantimpala sa balagtasan. Ang mga sumusunod na premyo ay ipagkakaloob sa antas nasyonal:

a) Tropeo sa lahat ng apat na kalahok
b) Unang Gantimpala - P20,000.00 at Tropeong Angara
c) Ikalawang Gantimpala - P15,000.00
d) Ikatlong Gantimpala - P10,000.00
e) Ikaapat na Gantimpala - P 5,000.00

**Patnubay sa Paglahok**

3. Ang mga mag-aaral at tagapayo/tagapagsanay ang inaasahang susulat ng kanilang piyesa na tatalakay sa sumusunod na paksa:

    a) Nakatutulong ba ang mga call centers at iba pang outsourcing sa bansa?
    b) Dapat dagdagan ng isa pang taon ang hayskul.
    c) Lumalala ang sitwasyong pangkapayapaan sa bansa.
    d) Dapat bang magkaroon ng uniporme sa eskwelahan o wala?

4. Bawat piyesa ay inaasahang sumusunod sa ganitong daloy:

    a) pagsisimula ng lakandiwa
    b) unang tindig ng mambabalagtas 1
    c) unang tugon ng mambabalagtas 2
    d) ikalawang tindig ng mambabalagtas 1
    e) ikalawang tugon ng mambabalagtas 2
    f) ikatlong tindig ng mambabalagtas 1
    g) ikatlong tugon ng mambabalagtas 2
    h) rebuttal ng mambabalagtas 1
    i) rebuttal ng mambabalagtas 2
    j) pagtatapos ng lakandiwa

5. Maaaring lumihis nang kaunti sa daloy na ito sa pamamagitan ng mga maiikling pagsingit ng lakandiwa, at iba pang kaugnay na dagdag na sangkap, subalit inaasahang susundin ang nabanggit na daloy.

6. Bawat pangkat ay mayroong 20-30 minuto para sa pagtatanghal. Susulatin ito ayon sa mga kumbensyon ng tradisyonal na tula (may sukat at tugma). Ang sukat ay maaring lalabindalawahin o higit pa.

**Pamantayan**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **1. Piyesa** | | | **= 60%** |
| | a. Paglinang sa paksa | = 20% | |
| | b. Pagtatagpo ng katwiran | = 20% | |
| | c. Husay ng mga katwiran | = 20% | |
| **2. Pagbigkas** | | | **= 40%** |
| | a. Linaw sa pagbigkas | = 20% | |
| | b. Tindig sa Entablado | = 15% | |
| | c. Kasuotan | = 5% | |

2. Ang bawat kalahok ay magbabayad ng butaw (registration fee) na Isang Libong Piso (PhP1,000.00) para sa pagkain. Ang gastusin para sa transportasyon ng mga kalahok (papunta at pabalik) at butaw para sa pagdaraos ng magkakasamang rehiyon (Regional Cluster) ay manggagaling sa lokal na pondo samantalang ang tirahan ng mga kalahok, renta sa pagdarausan ng Balagtasan, panustos at kagamitan, at iba pa ay maggagaling sa pondo ng Kawanihan ng Edukasyon Sekondari. Ito ay mula sa natirang pondo ng Cash Advance ng katatapos lamang na Pambansang Seminar – Worksyap sa mga Makabagong Kalakaran sa Pagtuturo ng Pagbasa sa Filipino na dapat sumailalim sa kinagawiang pagsusuma at pagsusuri.

3. Hinihiling ang maaga, malawakan at dagliang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**VILMA L. LABRADOR**
Undersecretary

Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran (Blg. 401, s. 2008)
Pamumudmod: 1- -(D.O. 50-97)
Ilalagay sa Palagiang Talantunan sa ilalim
ng mga sumusunod na paksa:

CHANGES
CONTESTS
Learning Area, FILIPINO
SCHOOLS
STUDENTS

Maricar/DM-Pagbabago sa Memo. 401
09-18-08